# PROLOGUE

Matindi ang kalabog ng puso ni Meinard habang papalapag ang sinasakyang eroplano sa *Ninoy Aquino International Airport*. Abut-abot ang kanyang dasal na isang biro lamang ng tadhana ang hatid na masamang balita ng tiyahing si Aida tungkol sa sinapit ng pinakamamahal niyang ama.

Pagdating niya sa arrival area, kaagad niyang namataan ang naghihintay na driver nila. Bakas na bakas sa mukha ng matanda ang pag-aalala at pagkabahala. Lalong tumindi ang nararamdaman niyang nerbyos at tensyon. Nais man niyang mag-usisa rito tungkol sa kalagayan ni Señor Gualberto Ventura ay walang salitang makalabas sa bibig niya.

Wala silang imikan habang nagbibiyahe pauwi sa mansion ng mga Ventura sa *Valle Verde* sa Pasig City. Sa pintuan pa lamang ng malaking bahay ay nasalubong niya ang kanilang family doctor. Laglag ang mga balikat nito. Animo isa itong boksingerong natalo sa laban.

"He's gone, son," malungkot ang tinig na balita nito.

Inaasahan na ni Meinard iyon subalit parang granada pa ring sumabog sa mukha niya ang katotohanan. Hindi siya makapagsalita o makakilos. Hindi niya maihakbang ang mga paa. Pati utak niya ay namanhid na.

Tinapik siya ng doktor sa balikat. "I'm sorry, Meinard, I'm sorry." Humakbang na ito upang lisanin ang mansion.

Noon lamang siya biglang natauhan. Mabilis pa sa alas-kuwatrong tinalunton niya ang silid ng ama. Nadatnan niyang umiiyak si Auntie Aida. Sa tabi nito ay nakaupo ang madrasta niyang si Eleanor Baldomero.

Nang makita siya ng butihing tiyahin sa bungad ng pinto ng silid ay kaagad siya nitong sinugod ng yakap. "Wala na ang ama mo, Meinard. Iniwan na tayo ni Gualberto!" malakas na hagulhol nito.pagkatapos ay nawalan ito ng malay-tao sa mga bisig niya.

Bigla ay tumayo si Eleanor mula sa kinauupuan. Pinahid nito ang luha sa mga pisngi. At mabalasik ang anyong hinarap ang nanggigipuspos na binata.

"Hinding-hindi kita mapapatawad, Meinard. Kasalanan mo ang lahat ng ito. Ikaw ang pumatay

sa sarili mong ama!”

Matapang ang mga salita ng madrasta. Tiyak ni Meinard, ngayon pa lang nagsisimula ang laban.

# 1

"Kahit maglumuhod ka pa sa harapan ko, Reggie, hinding-hindi na magbabago ang isip ko!" Hysterical si Liezl habang sumisigaw sa mouthpiece ng telepono.

"Ano ba ang gusto mong gawin ko para maniwala ka sa mga sinasabi ko?" Nagmamakaawa ang tinig ng kausap ng dalaga sa kabilang linya.

"Dalawa lang ang puwede mong pagpilian. Una, pabayaan mo na ako. Pangalawa, pumunta ka na sa impiyerno kung saan ka nababagay!"

Malakas na ibinagsak niya ang receiver sa cradle. Kahit hindi niya nakikita si Reggie ay tiyak niyang nakasuksok na ang hintuturo nito sa tainga habang lukot na lukot ang mukha dahil sa matinding pagkatulig. Bahagya siyang natawa sa sarili.

"Hija, sino na naman ang kaaway mo?" natatarantang tanong ni Mrs. Bambi Aguilar sa anak habang pababa ito ng hagdanan. Nagmamadali itong lumabas ng kuwarto nang marinig ang nagwawalang tinig niya.

Bago pa nakasagot si Liezl ay nakababa na rin ang amang si Mr. Mariano Aguilar. Bagaman

nagmamadali ay ingat na ingat ang may-edad na lalaki sa pagbaba sapagkat may kalabuan na ang mga mata nito. Hindi na nito naisuot ang salamin dahil sa sobrang pagkataranta.

“Liezl, ano ang nangyayari sa ’yo? Kung makasigaw ka aakalain ng lahat na may sunog. Kailangan mo ba ng bumbero?” muli ay tanong ng ginang.

Magkaharap na ang mag-ina sa sala ng malaking bahay. Tutop naman ni Mariano ang dibdib nang makalapit sa dalawang babae. Habul-habol nito ang hininga. Palibhasa, sixty-five years old na ito.

Pinigil niya ang matawa. “Don’t worry, Ma, Pa. Ang makulit na si Reggie Esguerra lang naman po iyon,” sagot ni Liezl at pasalampak na naupo sa sofa.

Nagkatinginan ang mag-asawa pagkatapos ay sabay na napakibit-balikat. Magka-holding hands na muling umakyat ang dalawa papunta sa kuwarto ng mga ito.

Napailing ang dalaga sa nakitang eksena. Ibang klase talaga ang mga magulang niya. Halos dalawampung taon ang agwat ng edad ng mga ito. Subalit hindi iyon minsan man naging problema sa pagsasama ng mama at papa niya. Para ngang

palaging bagong kasal ang mga ito.

Nang aksidenteng dumako ang paningin ni Liezl sa telepono ay biglang bumalik ang inis niya. Pabalibag niyang initsa ang magazine na nadampot niya sa center table. Akma na siyang babalik sa kuwarto niya nang may magsalita.

“What’s wrong with Reggie na naman ba, tweetums?” tinig ni Joyce mula sa likuran na tinawag siya sa bininyag nitong palayaw sa kanya na nagaya na rin ng mga magulang niya.

Lalong umasim ang kanyang mukha nang marinig ang boses ng pinsan niya. Siguradong asar-talo na naman ang magiging kalalabasan niya. Pagigil siyang humalukipkip.

“Oo nga pala, hindi ko na kailangan pang itanong,” dagdag kaagad nito. Pakendeng-kendeng pa itong lumapit sa kinauupuan ni Liezl at ipinatong sa mesa ang dala-dalang tray na may dalawang bowl ng fruit salad at iced tea. “Umiral na naman ang sakit mo.”

“Anong sakit?” salubong ang mga kilay na tanong niya. Nagsisimula na naman siyang mag-altapresyon.

“Hindi mo alam?” nanlalaki ang mga matang

tanong ng kanyang pinsan. Exaggerated ang pekeng pagkagulat nito. Sumubo si Joyce ng isang kutsarang fruit salad na dala nito. "Ano pa, eh di, f-r-i-g-i-d!" Malakas at emphatic ang pagkaka-spell nito sa sakit daw niya.

"You mean frigid ako?" Napaangat sa pagkakaupo si Liezl. Gustung-gusto na niyang lamutakin ang mukha ng alaskadora niyang pinsan. O kaya ay isaksak sa lalamunan nito ang kutsarang hawak nito. Hindi niya nagustuhan ang biro nito; masyadong below the belt.

"Yes, frigid. With a capital letter F," walang-anumang paglilinaw ni Joyce na para bang natural lamang na topic ang pinag-uusapan nila.

Saglit siyang natahimik. Pinilit niyang matawa sa sinabi ng babae. Subalit hindi niya magawa dahil talagang hindi nakakatawa. Ganoonpaman, tiyak niyang mali ito sa sinasabi. At hinding-hindi siya kailanman magiging frigid dahil hindi niya iyon pahihintulutan. Kinuha niya ang maliit na bowl ng fruit salad mula sa tray.

"Okay, okay. Huwag ka nang magalit, please. Puwede na akong magsabit ng kaldero sa nguso mo. Sobra na ang tulis."

Bigla siyang napatayo mula sa kinauupuan. Pabigla niyang ibinalik sa mesa ang bowl na hawak niya. Muntik nang tumapon ang laman niyon.

“Joyce Marie San Pedro Lopez, tumigil ka na!”

Natulala si Joyce. Alam nitong kapag malakas at buo na ang pagkakabanggit ni Liezl sa pangalan nito ay galit na talaga siya.

“Look, hindi ako ang nagbansag sa ’yo ng frigid. Usap-usapan lang ng association. Twenty-five ka na daw, hanggang ngayon kahit kiss ay hindi ka pa nakakatikim dahil wala ka pa ring sinasagot sa mga manliligaw mo. Ikaw pa naman ang pinakamaganda at sexy sa grupo.” Ang tinutukoy nitong ‘grupo’ ay ang association ng mga single females sa subdivision nila.

Bago pa siya nakapag-react sa rebelasyong iyon ay walang-puknat na ingay ng doorbell ang narinig nila. Para kay Joyce, pagkakataon iyon upang makawala sa nanunuring mga mata ng pinsan.

“I’ll get the door, tweetums,” paalam nito.

Mabilis itong tumayo at pakendeng-kendeng na nagtungo sa pinto. Bigla ay pinuno ng matinis nitong tili ang kabuuan ng bahay.

"Tweetums, look who's here!" Halos ay maglulundag na si Joyce sa katuwaan.

"Alam mo, kahit hindi mo ako tawagin, susugod at susugod ako sa pinto sa sobrang OA mo! Ano ba ang isinisigaw-sigaw mo diyan?"

Bahagya niyang hinila ang balikat ng pinsan upang umalis ito sa pagkakaharang sa pintuan. Nang makita ang bagong dating, siya man ay hindi napigil ang mapatili. Mas malakas pa iyon sa ginawa ni Joyce.

Naroon sa doorway ang kanilang pinsang si Rolf na kagagaling lang sa Australia. Nasa likuran nito ang driver na may hinihilang malaking balikbayan box.

Matapos ang ilang oras na kamustahan at kuwentuhan, nagkayayaan silang tatlo na lumabas at gumimik.

---

Kahit anong gawing pilit ni Meinard ay hindi niya maalis-alis ang paningin sa babaeng nakatalikod sa kanya. Backless blouse at tight-fitting red jeans ang suot nito. Kitang-kita ang makurbadang katawan at mala-porselanang kutis nito. Pati ang buhok nitong hanggang likod ang haba at natural ang pagka-wavy

ay nakadagdag sa angkin nitong sex appeal. Enjoy na enjoy ang babae sa paglalaro ng billiards. May kasama itong isang lalaki at isa pang babae.

Hindi niya matiyak kung boyfriend nito ang lalaking kasama na bahagyang may katabaan at medyo bansot. Sa madaling salita, hindi bagay ang mga ito.

Napailing si Meinard sa ginagawa niyang assessment. Hindi naman niya dating ginagawa iyon.

Ibinalik niya ang atensyon sa magandang babae. Alam niyang lahat ng lalaking nasa billiard hall ay nasa naturang dalaga rin nakatuon ang mga paningin. Kahit hindi nito pilitin ay sadyang namumukod-tangi ito.

“Pare, kumurap ka naman diyan. Baka mahipan ka ng masamang hangin, matuluyan na ang pagkaduling mo,” narinig niyang biro ng kaibigan niyang si Joe. Major stockholder ito sa construction company na pamamahalaan niya simula sa Lunes.

Noon lamang biglang natauhan si Meinard.

“Kanina ko pa tinatanong sa ’yo kung gusto mo pa ng isang beer,” dagdag nito. Nakatingin ito sa boteng hawak niya. Said na ang laman nito.

"Napansin kong biglang bumilis ang paglagok mo ng beer dahil sa chick na iyon." Ininguso nito ang sexy na babae.

"Sige, ikuha mo pa ako ng isa."

"Kunsabagay, hindi kita masisisi. Halos lahat yata ng lalaki dito ay nabatubalani niya. Tingnan mo nga ang mga iyon." Habang iniaabot ni Joe ang bote sa kanya at inginuso nito ang kinaroroonan ng apat na lalaking may kani-kanyang hawak na tako. Wala sa laro ang pansin ng mga ito kundi nasa kaakit-akit na babae.

Napailing na lang si Meinard. "Laro tayo, pare. Pero magsi-CR muna ako sandali," aniya nang makitang bakante na ang mesang katabi ng mesang pinaglalaruan ng babae at ng mga kasama nito.

"Shoot!" Nauna na si Joe papunta sa table samantalang si Meinard ay tumuloy sa rest room.

Nanghinayang siya nang pagbalik niya ay mapansing wala ang babae. Subalit nabuhayan din siya kaagad ng loob nang makitang naroon pa rin at naglalaro ang dalawang kasama nito. Malamang ay hindi pa ito nakakaalis.

Pinilit niyang mag-concentrate sa laro. Unang nag-break si Joe; walang pumasok na bola. Ngingiti-

ngiting ipinuwesto ni Meinard ang tako niya sa ball number one. Shoot sa side pocket pati ang number nine.

"Paano mo nagawa iyon?" Napakamot sa batok ang kaibigan.

Nagkibit-balikat lamang siya. Tatlo pang sunud-sunod na game ang napanalunan niya. Nang sumunod na game at mag-break siya, aksidenteng nagkabungguan ang puwit niya at ang puwit ng babaeng naka-backless. Pakiramdam niya ay biglang tumulay ang ilang libong boltahe ng kuryente sa katawan niya.

On reflex, bigla siyang pumihit. Automatic na hinapit ni Meinard sa baywang ang babae upang hindi ito matumba. Muntik na niyang malunok ang dila nang maramdaman ang malambot na katawan nito sa dibdib niya. Nanunuot sa pandama niya ang amoy nitong tila concoction of exotic flowers na hinaluan ng kaunting spice. Pakiramdam niya ay biglang nag-init ang singit niya.

"Sorry, Mister," hinging-paumanhin nito at namumula ang mukhang nagyuko ng ulo.

Gamit ang isa pang kamay, marahang itinaas ni Meinard ang ulo ng magandang estranghera at

pinigilan ang sariling gawaran ng halik ang mga labi nitong tila nag-aanyaya. Pakiramdam niya ay biglang tumigil sa pag-inog ang mundo nang mga sandaling iyon. At kung iyon man ang hudyat ng wakas ay wala siyang pakialam. Pati ang mga taong nasa paligid nila ay tila naglahong bigla at tanging sila lamang dalawa ang natirang nilalang.

"'Yan ang tinatawag nilang 'Axe effect'," anang kasama ng babaeng kayakap niya. Iyon ang pumutol sa mahikang bumalot sa pagitan nila.

Biglang inilayo ng babae ang katawan nito sa kanya. Inagaw na pala nila ang pansin ng karamihan sa mga taong naroon. Kitang-kita niya ang ibayong pamumula ng babae nang magpalakpakan ang audience nila. Akma sana niyang ilalayo ito sa lugar na iyon upang isalba ito sa pagkapahiya nang hatakin nito ang kamay niya at mag-bow ito. Lalo siyang humanga sa composure nito dahil ramdam na ramdam niya ang panlalamig at panginginig ng kamay nito.

"Guys, tapos na ang shooting," ani Meinard sa mga taong nakatingin sa kanila at walang lingon-likod na inilayo ang babae sa lugar na iyon, papunta sa bar counter. "Are you okay?" tanong niya nang makitang biglang natulala ang magandang kasama.

Tumango ito. “Yeah, I’m fine.” Ngumiti ito sa kanya; isang pilit at nahihiyang ngiti.

“Can I get you something to drink?”

Halata ang pag-aatubili nito subalit nagpaunlak din.

“Sure. Ice cold beer, please.”

Hindi pa man halos nakakatalikod si Meinard ay may isang lalaking dumating. Chinito ito. Tinitigan nito ang babaeng kasama niya pagkatapos ay siya naman ang matamang pinagmasdan.

“Ito ba ang lalaking ipinagmamalaki mo, Liezl?” sita nito sa dalaga. Naniningkit ang mga mata ng lalaki at nasa hitsura nito na marami na itong nainom.

Tumayo ang babaeng tinawag na ‘Liezl’ mula sa bar stool at akma itong lalayo nang biglang halbutin ng bagong dating na lalaki ang braso nito.

“Ano ba, Reggie, nasasaktan ako!” pigil ang lakas ng boses na saway nito.

“Talagang masasaktan kang babae ka kung hindi ka sasagot nang maayos. Kinakausap pa kita. Hindi ka ba tinuruan ni Bambi ng kagandahang-asal?”

Binawi ni Meinard ang braso ni Liezl na hawak ng lalaki at pumagitna sa mga ito.

"Please huwag mo na siyang patulan. Wala siya sa sarili niya," pakiusap ng babae sa kanya.

Subalit hindi niya papayagan ang inasal ng walang-modong lalaki. "Pare, huwag mo namang saktan ang babae. Baka puwede itong pag-usapan nang maayos," malumanay ang boses niya kahit kulang na lang ay bigwasan niya ang mukha nito sa kagaspangang ipinakita nito.

"Who the hell are you? Bakit ka ba nakikialam?" ani Reggie. Nakatingala ito sa kanya dahil mas matangkad siya rito ng more or less five inches.

"Reggie, para sabihin ko sa 'yo, siya ang boyfriend ko. Kaya puwede ba, lubayan mo na ako," singit ni Liezl. "One more thing." Namaywang ito sa lalaking lasing. "Wala kang karapatang tawaging 'Bambi' ang mama ko dahil hindi kayo close," mataray na dagdag nito.

"Ows, talaga?" nang-uuyam na tanong nito.

Bago pa man nakahuma ang dalawa ay lumipad na ang kamao ng estranghero upang bigwasan sa panga si Meinard. Dala ng nainom, hindi tumama sa kanya ang suntok nito. Bagkus ay ang warfreak na

admirer pa ni Liezl ang bumagsak sa semento.

Ang eksenang iyon ang dinatnan ng mga kasama ni Liezl sa paglalaro ng billiards kani-kanina lang.

"Ano na naman ba ito, Liezl? Nag-CR lang ako sandali, nanghatak ka na ng gulo! Kanina sa disco, ngayon dito naman. Sa ayaw at sa gusto ninyo ni Joyce, uuwi na tayo ngayon din. Malas ang Sabado night na ito," malakas at halatang galit na saad ni Rolf. Walang-salitang hinatak nito si Liezl at ang isang babae palayo sa lugar na iyon. Hindi na nila tinapunan ng tingin si Meinard na naiwang tulala sa bilis ng mga pangyayari.

Mayamaya lamang ay inilalabas na ng billiard hall ng ilang staff ng establishment ang pangahas na lalaking sumuntok kay Meinard.

# 2

Alas nueve y media ng umaga ay nasa opisina na ng *Ventura and Associates* si Meinard. Alas diez ang staff meeting at iyon ang pormal na simula ng pag-take over niya sa nabakanteng posisyon ng kanyang nasirang ama. Ito ang tumayong presidente ng construction company sa loob ng halos tatlumpung taon hanggang sa ito ay mamatay sanhi ng atake sa puso isang buwan na ang nakakaraan. Sa loob ng nakaraang buwan, inayos niya ang negosyong naiwan sa Amerika at ang kanyang tiyuhin muna ang pansamantalang umupo bilang presidente. At ngayong maayos na ang lahat, siya na ang magma-manage ng kompanya nila.

Pagdating sa opisina niya, nagtaka siya dahil wala ang assistant na dapat sana ay sasalubong sa kanya. Inaasahan niyang mas maaga pa ito kaysa sa kanya. Napailing siya. Hindi uubra ang ganoong sistema sa kanya. Pagdating ng kung sinumang iyon, patitikimin niya ito ng sermon.

Mga ilang minuto na rin siyang nakaupo habang pinagmamasdan ang kabuuan ng opisinang magiging workplace niya simula sa araw na iyon nang biglang

bumukas ang pinto. Iniluwa niyon ang babaeng ni sa hinagap ay hindi niya aakalaing makikita pang muli: ang babae sa billiard hall. Si Liezl!

Napamulagat din ang dalaga nang makilala siya. Dalawang gabi nang ini-imagine ni Liezl ang mukha ng lalaking ito na nagsalba sa kanya sa isang gabi ng kamalasan. At dalawang gabi na rin niyang idinadalanging sana ay muli silang magkita. Subalit hindi niya inaasahang madadatnan ito sa opisina ng bagong boss niya. Ito ang unang araw niya bilang executive assistant to the president. Dati siyang vice-president for marketing.

Noong Biyernes ay nabigyan na siya ng briefing ng personnel manager tungkol sa magiging boss niya. Sinabi nitong ang successor ni Mr. Gualberto Ventura ay isang batikang engineer na experienced sa paghawak ng construction ng malalaking gusali hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa Estados Unidos. Umano, perfectionist ang kanyang magiging amo pagdating sa trabaho. At inaasahan nito ang ganoon mula sa mga tauhan nito. Istrikto raw ito at hindi tino-tolerate ang anumang pagkakamali. Kahit maliit na pagkakamali.

Sa tono ng pananalita ng HR head ay nabuo sa isip ni Liezl ang pinagsamang imahe ng nerd

na si Albert Einstein at terror na si Adolf Hitler. At malayung-malayo ang hitsura ng lalaking kaharap niya sa inaasahan niya. Tiyak niya, hindi ito ang boss niya.

"Ano'ng ginagawa mo sa opisina ng boss ko?" tanong niya at mabilis na tinungo ang desk niya.

Natawa sa sarili si Meinard. Ang kaninang plano nitong pagsabon sa pagiging late ng assistant ay nawala na sa isip. Lihim itong napailing. Akalain nga ba naman ng binata ang pagkakataon, si Liezl pala ang magiging assistant nito! Maagang bonus ito.

Nilapitan siya nito. "Wala lang. Nakikiupo lang," anito.

Sukat sa narinig ay muntik nang maibalibag ng dalaga ang hinubad na blazer sa lamesa. Pinigil lamang niya ang sarili upang hindi siya magmukhang bastos. Kahit intruder ang lalaki, kailangan pa rin niya itong pakitaan ng magandang asal dahil pinagtanggol siya nito noong Sabado kay Reggie.

"At bakit mo naman gagawin iyon? Sino ang nagbigay sa 'yo ng permisong pumasok dito?" Bagaman malumanay ang salita niya ay may bahid ng pang-uuyam ang tinig niya.

Natutuwang pinagmasdan siya ni Meinard. Aliw na aliw ito sa bawat pagkibot ng kanyang bibig, sa bahagyang panlalaki ng mga mata at pagsasalubong ng mga kilay. Sa paningin nito, lalong gumanda si Liezl kapag nagagalit. Bigla nitong nalimutang ito ang boss at ito ang dapat na naninita.

Nang hindi magsalita ang lalaki at patuloy lamang sa pagtitig sa kanya ay humulagpos na ang pagtitimpi niya. Hindi niya gusto ang inaasal nito. Hindi niya kursunadang ginu-goodtime ng kahit na sinong Poncio Pilato. Kahit sabihin pang saksakan ito ng guwapo at minsan itong naging knight-in-shining-armor niya.

"Ano'ng tinitingin-tingin mo diyan? Bingi ka ba? Hindi ka ba marunong sumagot kapag kinakausap?"

Ngumiti lang ito; lumabas ang mapuputi at pantay-pantay nitong ngipin na naging sanhi ng bahagyang pangangapos ng hininga ni Liezl. Tuloy ay lalo siyang nairita, hindi lang sa lalaking kaharap kundi pati na rin sa sarili niya.

"Goodness! Kapag minalas ka nga naman, sunud-sunod." Bahagya niyang tinampal ang noo. "Ngayon, sasagot ka ba o ipapatapon na kita sa guwardya palabas?"

"You can't possibly do that, baby." Iiling-iling pa ang binata habang pinatutulis ang nguso. Tila nag-e-enjoy ito sa pang-iinis sa kanya.

Umismid si Liezel. Pinamaywangan niya ito. "At bakit mo naman nasabing hindi ko kayang gawin iyon?"

Hindi ito sumagot, panay lang ang ngiti.

Ngani-ngani na niyang batuhin ang lalaki ng mug na kinalalagyan ng mga ballpens at lapis niya. Tingnan lang niya kung hindi ito tubuan ng malaking bukol sa noo. Subalit nagpigil siya. That was not the way to show gratitude to somebody who saved her two nights ago.

But savior or no savior, kailangang lumabas ito sa opisina ng boss niya at baka malintikan siya kay Hitler.

"Saka puwede ba, huwag na huwag mo akong matawag-tawag na 'baby.'"

Nakita niya ang pagtaas ng kilay ni Meinard. Lalong naging pilyo ang ngiting naglalaro sa mga labi nito. Hindi niya pinansin ang mga iyon at itinuloy ang pagpindot ng numero sa telepono kahit biglang naging erratic ang tibok ng puso niya.

"Guard, puwede bang umakyat ka dito sa President's Office. May isang taong nakapasok dito na hindi naman dapat nandito. Pakibilis lang, please."

Mabilis niyang ibinaba ang receiver, pagkuwan ay binalingan ang binatang nakatingin lamang sa bawat kilos niya. Nagtataka siya sa kalmanteng aura nito. Hindi man lang ito natigatig sa ginawa niyang pagtawag ng guwardya.

"Hindi ka pa ba lalabas?"

"Bakit naman ako lalabas? I have every reason to stay… and call you 'baby'. Mag-boyfriend tayo, remember? Sa 'yo mismo nanggaling iyon. O baka naman nakalimutan mo na, huh, baby?" Sadya nitong binigyang-diin ang huling salitang tinuran. Kinindatan pa siya nito bago kampanteng umupo muli sa swivel chair at ipinatong pa ang dalawang paa sa lamesa.

Nagsalubong ang mga kilay ni Liezl sa sobrang inis. "Noong Sabado iyon pero ngayon, break na tayo!"

Napansin niyang bahagyang tumigas ang panga nito kaya nagbaba siya ng tingin. Pasimpleng pinagpag niya ang ilang butil ng tubig-ulan na

kumapit sa miniskirt niya.

Muli ay tumingin siya sa dako ni Meinard. Nakatingin pa rin ang machong mama sa kanya, wari ay pinag-aaralan nito ang bawat kilos niya. Bigla ay gusto niyang magpapadyak sa sobrang pagkaimbiyerna nang mapansing parang na-plaster na sa mukha nito ang nakakalokong ngiti. Halatang talagang inaasar siya nito.

"Tumigas sana ang panga mo!"

Inirapan ito ni Liezl at umupo na sa kanyang puwesto upang hintayin ang guard na tinawagan. Halos hindi pa umiinit ang pang-upo niya sa silya nang biglang bumukas ang pinto ng opisina. Pumasok ang unipormadong bantay.

"Miss Aguilar, nasaan na 'yung sinasabi mo?"

Ininguso ng dalaga ang tatawa-tawang si Meinard.

Biglang namutla ang guwardya nang makita ang itinuro niyang lalaki. Binalingan siya nito. "Miss Aguilar, baka nagkakamali ka. Si Mr. Meinard Ventura ang sinasabi mo. Siya ang bagong presidente ng kompanya, kapalit ng kanyang ama."

Bigla siyang napatayo sa narinig, hindi siya

makapaniwala. “Ano ’ika mo?”

“S’abi ko, hindi ko puwedeng gawin ang gusto mo dahil ang lalaking iniuutos mong palabasin ay si Mr. Meinard Ventura, ang bagong presidente ng *Ventura and Associates*.” Sadyang binagalan at nilakasan ng guwardya ang pagkakabigkas sa bawat salita upang maintindihan niya.

Nanlaki ang mga mata ni Liezl. Sa pagkakataong ito ay hindi na siya makapagsalita.

“Mang Igme, puwede ka nang lumabas,” ani Meinard bago pa nakabawi ang dalaga sa matinding shock.

Dagling nakaramdam ng guilt ang binata. Dapat ay hindi na niya hinayaan pang mapahiya si Liezl sa ibang tao. Dangan kasi, mabilis ang naging takbo ng mga pangyayari.

“Yes, Sir. Pasensya na po, Sir.” Kaagad na tumalima ang guwardya. Sumaludo pa ito sa bagong amo.

Pagkatapos ng mahabang sandali ng katahimikan ay tumayo si Liezl. Inayos niya ang mga gamit. Akma na siyang lalabas ng opisina upang umuwi nang biglang magsalita si Meinard.

"And where are you going, Miss Aguilar?"

"I'm... I'm g-going... er… home, Sir," sagot niya. Hindi siya makatingin nang derecho sa amo.

"Bakit? Matagal pa bago mag-alas-cinco."

"Sir, I am expecting you to fire me because of the way I treated you. Out of delicadeza, I am resigning. I'll give my resignation letter to you shortly before lunch."

Tumangu-tango ito. "Go back to your desk, Miss Aguilar. Marami tayong dapat asikasuhin. In fifteen minutes, mag-uumpisa na ang meeting."

"But, Sir..."

"As your new boss, one thing I wish to emphasize is I do not tolerate tardiness. I guess you have a good reason to be late today, Miss Aguilar. Tell me your side while I'm willing to listen."

Authoritative ang tinig nito. Pakiramdam ng dalaga ay hindi siya makatatanggi. Iyon ang isa sa mga ayaw niya sa lalaki—ang mga tipong bossy. Ito ang mga klaseng ipinangangalandakan ang pagkamacho nila para mapasunod ang mga babae sa gusto nila.

Pero isang exception ang pagkakataong ito

sapagkat sa kasalukuyan ay nasa opisina siya. At ang lalaking minarkahan niyang bossy ay may karapatang umakto ng ganoon dahil ito talaga ang boss niya. Walang nagawa si Liezl kundi sumunod. Siya ang may atraso kaya siya ang dapat magpakumbaba.

"Nasira ang kotse ko, Sir," sagot niya habang pabalik sa kanyang desk. "I apologize, Sir."

"Apology accepted. But then…"

Huminga nang malalim si Liezl. Inihanda niya ang sarili sa susunod na maririnig. Pagagalitan pa rin ba siya nito kahit tinanggap na ang paghingi niya ng paumanhin? Huwag naman sana.

"Let's get rid of the formalities. Just call me 'Meinard.' And I'll call you 'Liezl.' Will that be okay be okay for you?"

Nakahinga siya nang maluwag. Pakiramdam niya ay gusto niyang pumalakpak sa katuwaan. Kung hindi lang niya napigil ang sarili, baka nasugod na niya ng yakap si Meinard upang ipakita rito ang kanyang pasasalamat.

Kahit hindi naman ganoon kalaking kawalan sa kanya ang trabaho na iyon dahil puwede niyang pamahalaan ang palaisdaan at poultry business ng papa niya, wala nga lang siyang background sa

nabanggit na negosyo. Higit sa lahat, hindi niya pinangarap makasalamuha sa araw-araw ang mga isda at manok ng pamilya niya.

Para ano pa at nag-aral siya ng Marketing kung hindi rin lang tao ang makakaharap niya? Mapapapayag lang siyang pamahalaan ang ang mga negosyo ng ama kung wala nang kompanyang tatanggap sa kanya. In the meantime, hahayaan na muna niya ang nakababatang kapatid na si Edwin ang siyang mag-manage doon. Tutal, enjoy ito sa gawain doon.

Pasimple niyang tinapunan ng tingin ang bagong presidente ng kompanya. Expect the most unexpected, sabi nga. Pero iyon ang nakalimutan niyang gawin kanina bago pumasok. Akalain ba naman niyang ang ini-expect niyang kamukha nina Einstein at Hitler ay naging kasing…

Paano ba niya idi-describe ang lalaking ito? Ang lalaking ito ay animo tinabas ang kara at pigura sa isa sa gods ng Greek mythology.

Ngumiti si Meinard at muling nagsirku-sirko ang puso ng babae. Ganoon din ang pakiramdam niya nang unang magtama ang mga paningin nila sa billiard hall noong Sabado.

Kinalma niya ang naging hyperactive na dibdib. Sinuklian niya ng ngiti ang binata.

"As you wish, M-Meinard." Grabe, bakit ba napipilipit ang dila niya?

"That sounds much better, Liezl."

Sinimulan na ni Meinard na pag-aralan ang mga papeles sa ibabaw ng desk nito.

"And, Meinard..." pukaw niya sa atensyon nito. Nag-angat ito ng tingin. "I want you to know na nagpapasalamat ako sa ginawa mo para sa akin noong Sabado. If you weren't there to rescue me, baka kung ano na ang nagawa sa akin ni Reggie."

Hindi pa rin makatingin nang tuwid ang dalaga sa boss niya. Bigla siyang nag-blush nang maalala ang lahat ng naganap nang gabing iyon.

"You're most welcome. Can you fix me a cup of coffee, then? I want it black," walang-anumang saad nito. Tumango si Liezl at mabilis na tumayo upang sundin ang iniuutos sa kanya. Kailangan niyang makasagap ng ibang hangin. Nate-tense siya sa presence ng amo. Baka sakaling makatulong ang aroma ng kape upang kalmahin ang nagha-hyperventilate na pulso niya.

Pinagmasdan ni Meinard ang dalaga habang naghahanda ito ng kape sa isang sulok ng kanyang opisina. Ibang-iba ito sa babaeng nakilala niya noong Sabado. Itinago ng pormal nitong business suit ang mga kurbadang hinangaan niya. Ang tanging bagay lamang na ikinatuwa niya sa suot nito ay ang mapuputi at mahahabang legs nito na nakalitaw. Makikinis iyon at wari ay napakasarap haplusin. Nakapalda kasi ang dalaga.

Pinigil niya ang mapapalatak sa paghanga. Pati ang bumabangong init sa kanyang katawan ay sinansala niya. Hindi siya dapat nagkakaganito sa loob ng opisina. Kung hindi, siguradong palpak ang magiging trabaho niya. At hindi niya papayagan iyon. Sa kanya nakasalalay ang buhay at kamatayan ng kompanyang pinagsikapang ipundar ng kanyang ama. Pawis at dugo ang puhunan nito sa pagpapalago ng negosyong iyon.

---

"I'll give you a ride home, Liezl. Saan ba ang sa inyo?" tanong ni Meinard nang makitang palabas na ng opisina ang assistant.

Natigilan ang dalaga. Hindi niya inaasahan ang offer nito. "Huwag na, Meinard. Magta-taxi na lang ako."

“Sige na, huwag ka ng tumanggi.”

“Meinard, is that an order or a request?” nakangiting tanong niya.

Ngumiti rin ito. “Whichever way you take it. As long as pumapayag kang magpahatid sa akin.”

Kung naiba-iba itong boss niya ay siguradong tinanggihan na niya ito. Pero alam niyang marami siyang atraso rito at kailangan niyang makabawi kahit paano. Pinaunlakan niya ito.

“Maaga pa naman. Mag-billiards muna kaya tayo,” aya nito nang mamataan ang JMJ Billiards and Bar, ang lugar kung saan sila unang nagkita.

Gustong tumanggi ni Liezl subalit hindi niya malaman kung paano. “Meinard, kasi…”

“Kasi, what?”

“Kasi nahihiya na akong magpakita doon pagkatapos ng nangyari. Kung hindi dahil sa akin, hindi magkakaroon ng gulo doon noong Sabado,” paliwanag niya.

“Of course not. Sigurado akong mild lang iyon kung ikukumpara sa iba pang trouble na nangyari na doon.”

"Paano ka namang nakakasiguro?"

Ngumiti ito. "Wala lang. Basta alam ko lang."

"Basta alam mo lang? Kinakabahan ako sa mga sagot na ganyan. Mukhang may kasunod na bomba. Pero kahit ano pa'ng sabihin mo, ayaw ko na talagang bumalik doon. Hangout ni Reggie ang lugar na iyon. Ang totoo, pinagbigyan ko lang talaga si Rolf kaya ako napadpad doon."

Tumangu-tango ito. "I see."

"Look, I'm really sorry," muli ay sabi niya nang makita ang disappointment sa mukha ng binata.

Tumigil ang kotse sa isang gas station.

"Full tank," sabi ng binata sa attendant. "I understand," baling nito sa kanya. "Ilang beses ka na ba nag-sorry sa araw pa lang na ito?"

Saglit siyang nag-isip, tahimik na nagbilang.

Napatawa ito. "At bibilangin mo nga talaga!" Masuyong hinaplos ng kamay nito ang baba niya. "I like your sense of humor, pretty lady."

Hindi pinansin ng dalaga ang sinabi at ginawi ng bagong boss niya kahit ang katotohanan ay tila anumang oras ay malalaglag ang kanyang puso sa

sobrang excitement. Ano ba kasi itong nangyayari sa kanya? Ngayon lang siya nakaramdam ng ganitong pagkataranta sa harap ng isang lalaki.

Pinaandar na ni Meinard ang *Porsché* palabas ng gas station matapos makargahan ng gasolina ang sasakyan at makapagbayad ito.

"Tell me, sino ba si Reggie?" tanong nito mayamaya.

"Isang lalaking makulit at walang magawa sa buhay. Ipinagsisigawan sa buong mundo na boyfriend ko daw siya, kahit hindi naman. Dati friends kami, ngayon hindi na."

"Si Rolf?"

Huminga nang malalim si Liezl. Sino ba itong kasama niya? *NBI* agent? Bakit ganito ito kung magtanong? Ano ba ang pakialam nito sa mga lalaki sa buhay niya? Nagtatalo ang kalooban niya. Hindi niya malaman kung ano ang dapat maramdaman sa ginagawa nitong pag-iimbestiga. Inis ba dahil masyado itong nanghihimasok sa personal niyang buhay? O tuwa dahil nagpapakita ito ng interes sa kanya?

"Oh, well. Don't bother to answer. Malamang ay boyfriend mo din," biro ni Meinard kahit malakas

ang kutob nitong taliwas iyon sa katotohanan.

Ngunit inakala niyang totoo iyon sa loob ng binata. Nagpanting ang tainga niya. Bago pa niya naalalang boss niya ang kaharap at nagmamaneho ito ay nahatak na niya ang kuwelyo nito.

“Ano’ng ibig mong sabihing boyfriend ko din si Rolf? Ano’ng akala mo sa akin? Playgirl? Puwes, magaling na lalaki, para sabihin ko sa ’yo, hindi ako ang tipo ng babaeng nagsasabay-sabay ng nobyo. At para rin malaman mo, pinsan ko si Rolf. Cousin, with a capital letter C! And besides—”

Hindi na niya naituloy ang susunod pang sasabihin dahil bigla na lamang inihinto ni Meinard ang sasakyan sa gilid ng kalsada. Mabilis siyang kinabig nito saka sinusian ng mga labi nito ang bibig niya.

# 3

"And besides, ako lang ang boyfriend mo. Is that what you wanted to say, sweetheart?" Namamaos ang boses ni Meinard nang maghiwalay ang mga labi nila.

Hindi malaman ni Liezl kung paano siyang napaupo sa kandungan ng pangahas na lalaki. Magkadikit na ang mga katawan nila dahil naipit siya sa pagitan ng manibela at ng binata. Hindi niya rin matiyak kung gaano katagal silang nagsalo sa halik. Gaano rin ba siya katagal nawala sa sarili?

"Teka nga muna. Bakit ako nakaupo dito?" litong tanong niya.

He let out a soft chuckle. "I'm beginning to enjoy your company more, sweetheart," anas nito habang masuyong pinararaanan ng halik ang mukha niya.

Nagmamadali siyang bumalik sa passenger seat. Bagaman hiyang-hiya sa sarili ay nagustuhan niya ang ginawa ng binata. At katakut-takot na self-control ang inipon niya upang huwag tugunin ang mga halik nito. Nang tangkang hahawakan ni Meinard ang kamay niya ay dali-dali niyang tinabig

ang braso nito.

"Don't touch me. Hindi ako makapag-isip nang maayos." Humalukipkip siya.

Tumawa uli ito. "Well, then, huwag ka nang mag-isip. You don't have to." Muli nitong pinaandar ang kotse.

"Magkaliwanagan nga tayo, Meinard. Were you trying to tell me na boyfriend kita?"

"You started it. I'm just trying to act my part. And I guess, I don't have to tell you that… I like it."

"What!"

"Liezl, I think we should see an EENT specialist. Kanina ka pa nabibingi."

"I beg your pardon?"

Napailing ang lalaki. "See what I told you?"

Bahagyang nasabunutan ng dalaga ang sarili. Kung hahayaan niyang muling humulagpos ang emosyon niya ay tiyak niyang lumipad na ang kamao niya at sasapul iyon sa panga ng lalaking kanina lamang ay kaulayaw niya.

Ginawa niyang pormal ang tinig. "Once and for all, let me set this straight. Hindi kita boyfriend.

At kahit ano pa ang sabihin mo, I'm not seeing an EENT dahil hindi ako bingi. Kung mayroon mang kailangang magpatingin sa espesyalista ay ikaw 'yon! Alam mo ba kung bakit? Dahil… dahil… " Naikumpas niya ang kamay sa ere nang walang maapuhap na salita.

Pinigilan ni Meinard na muling mapatawa. "Dahil ano? I'm waiting, Liezl."

"Dahil buwisit ka sa buhay ko! You are destroying my equilibrium," nasabi niya. Bakit ba siya nagkakaganito? It was not her usual self.

"Well, I'm sorry, if that's the case. Sa palagay ko, you have to do something about that. Dahil siguradong palagi tayong magkakasama. And I don't want you losing your composure whenever I'm near you."

"Sinabi ko bang nawawalan ako ng composure?" maang na tanong niya.

"Hindi ka lang pala bingi. Malilimutin ka na rin," nakangising tukso nito.

Bago pa nakapagsalita ang dalaga ay naiparada na nito ang sasakyan sa parking lot ng *JMJ Billiards and Bar*.

“I’m not going anywhere, Meinard. I’m staying here. I told you, hindi ko gustong bumalik pa sa lugar na iyan. Ikaw pala itong bingi. Kung hindi man, hindi marunong umintindi.”

Hindi nito pinansin ang kanyang patutsada. “Bumaba ka na diyan kung ayaw mong buhatin pa kita papasok doon.”

“Hey, mister! Wala kang karapatang manduhan ako nang ganyan. Remember, off na ako sa trabaho. Hindi na kita boss sa mga oras na ito,” mataray na sabi ng dalaga. Gusto niyang palakpakan ang sarili. Sa wakas, bumabalik na ang dominanteng aura niya. Lalo pa niyang itinaas ang baba upang makipagtitigan sa nanunukat na mga mata ni Meinard na noon ay nakaharang sa pinto sa tabi niya.

“Customer ako. Nagbabayad naman ako. Bakit ninyo ako pinalalabas?” malakas na sigaw ng isang lalaki mula sa likuran ng binata. Hawak ito sa magkabilang balikat ng dalawang staff ng bilyaran. Sabay na napatingin sina Liezl at Meinard sa pinagmulan ng commotion.

“Pasensya na, Sir. Sumusunod lang naman kami sa order ng boss namin,” sagot ng isa sa mga staff.

Nagulat si Liezl nang makilala ang lalaking

pinalalabas mula sa naturang establishment. It was Reggie. Lalo siyang nagsumiksik sa loob ng sasakyan.

Isinara naman ni Meinard ang pinto ng kotse at nilapitan ang tatlong lalaki.

"Good evening po, Sir Meinard," narinig ni Liezl na bati ng isa sa dalawang empleyado. Sinadya niyang ibaba nang kaunti ang salaming bintana upang marinig ang usapan ng mga ito.

Napakunot-noo siya. Tama ba ang intindi niya? Boss din si Meinard ng dalawang lalaki sa bilyaran?

"Ano na naman ang problema ng isang 'yan?" tanong ng binata.

"Una, Sir, binali ang isang tako. Pagkatapos, nambato ng bote ng beer sa dingding. Mabuti na lang at walang tinamaan. Pati 'yung isang spotter natin, binatukan."

Hinarap ni Meinard si Reggie na hawak pa rin ng dalawang tauhan. "Pare, minsan ko lang sasabihin sa 'yo ito kaya makinig kang mabuti. Ayaw na ayaw ko nang makikita pa ang pagmumukha mo sa lugar na ito. Sa susunod na masilip ko kahit anino mo lang, sisiguruhin kong sa presinto ang bagsak mo. Sa ngayon, pagbibigyan kita. Nagkakaintindihan ba tayo?"

"Masyado kang mayabang. Bakit, sino ka ba? Ikaw ba ang may-ari ng lugar na ito?" Pinilit ni Reggie na makawala sa pagkakapigil ng dalawang lalaki subalit hindi nito magawa. "Kung ikaw nga ang may-ari ng pesteng lugar na ito katulad ng inaasta mo, sabihin mo sa dalawang ito na pakawalan ako kundi babasagin ko ang mga bungo nila."

Sinenyasan niya ang mga tauhan na pakawalan ang lalaki. Nang maalala niya ang takot na nakita sa mukha ni Liezl nang makita si Reggie noong Sabado ay biglang nag-init ang dugo niya subalit nagpakatimpi-timpi siya.

"Alam mo, masyado kang mayabang," asik ni Reggie. "Hindi ba't ikaw 'yung pumoporma kay Liezl? Don't tell me, itong pipitsuging bilyarang ito lang ang ipinagmamalaki mo! Para sabihin ko sa 'yo, hindi ka papatulan ni Liezl kung 'yan lang ang kaya mong ipagyabang sa kanya. Mas gugustuhin pa niyang pumatol sa isang matandang mayamang madaling mamatay. Siyempre, kanino ba magmamana ang babaeng iyon kundi sa ina niyang si Bambi."

"Ulitin mo nga ang sinabi mo," mariin niyang utos sa nang-iinsultong lalaki.

Nasaktan siya sa sinabi nito tungkol kay Liezl kaya lalong kumulo ang dugo niya. Ibinulsa niya ang

dalawang kamay dahil kung hindi ay siguradong dadapo ang kamao niya sa mukha ng hudas na kaharap niya.

"Ang sabi ko, g*go ka!" sigaw nito at bigla siyang sinugod ng suntok.

Mabilis na nakaiwas si Meinard. Bago pa muling nakaporma ang mayabang na lalaki ay tumama na sa panga nito ang malakas na left upper cut niya. Sumadsad ito sa semento. Kaagad na lumapit ang dalawang tauhan upang hawakan sa magkabilang braso si Reggie.

"Matapang ka lang dahil may mga kasama ka," asik ng basagulero.

"Kayong dalawa na ang bahala sa isang 'yan. Siguruduhin ninyong hindi na iyan makakabalik dito," utos niya at bumalik na sa kotse niya. "Sabihin ninyo kay Dindo na siya na ang bahalang magsampa ng kaso," dagdag niya bago gigil na pinaharurot ang sasakyan. Si Dindo ang operations manager ng bilyarang pag-aari niya.

Mahaba-habang sandali ang lumipas na tahimik lang sila habang nagbibiyahe. Ilang beses na muntik silang makabunggo ng sasakyan at kung makabusina ang binata ay tila pag-aari nito ang daan. Nang hindi

na matiis ni Liezl ang pagsasawalang-kibo ng katabi, minabuti niyang magsalita.

“Meinard, are you okay?”

Hindi ito kumibo. Patuloy lamang ito sa pagmamaneho. Pakiramdam niya ay lalo pang dumiin ang pagkakahawak nito sa manibela.

“Hindi totoo ang sinabi ni Reggie na papatulan ko ang isang matandang mayamang madaling mamatay. Lalong hindi rin ganoon ang ugali ng mama ko,” alanganing turan niya.

“Hinihingi ko ba ang paliwanag mo?” matigas na tanong ng lalaki na ikinagulat niya.

Umisod palayo si Liezl at mahigpit na kumapit sa bag niya.

“B-bababa na ako dito,” mayamaya ay sabi niya sa nahihintakutang tinig. Hindi na niya matagalan ang tensyon sa loob ng sasakyan.

“Paano mo nagawang makipagkaibigan kahit sandali lang sa isang lalaking katulad ng isang ’yon?” biglang tanong ni Meinard. Bahagyang bumaba ang tinig nito nang mahalata ang panic ng dalaga.

“Ha?” Hindi niya inaasahan iyon. Buong akala niya ay ititigil nito ang sasakyan at hahayaan siyang

makababa.

Bigla itong tumawa nang malakas.

Nahihiwagaang napatitig siya sa lalaki. Goodness, ganoon ba talaga ito kabilis magbago ng mood? Kanina lang ay galit na galit ito. "Wait a minute. Ano'ng nakakatawa?" mayamaya ay tanong ni Liezl.

"Ikaw. Dahil talagang bingi ka."

Sukat doon ay hinampas niya si Meinard gamit ng bag niya. Bigla nitong itinigil ang sasakyan. Napamulagat siya nang mabasa kung ano ang karatula sa building na hinintuan nila; *Seaside Park Motel*.

"Sa tingin ko'y naghahanap ka ng away. Papatulan kita. Sa lugar na walang makakakita sa atin," nagniningning ang mga matang hayag ng binata nang balingan siya.

"Meinard, how could you do this?" di-makapaniwalang bulalas niya.

Bago pa nakasagot ang binata ay naglandas na ang luha sa pisngi ng dalaga. Bigla itong nataranta. He could not stand the sight of a woman in tears. Dali-dali niyang pinaandar ang sasakyan palayo sa

lugar na iyon. Mahaba-haba ang tinakbo nila bago muling pumarada. Sa pagkakataong ito ay sa tapat na ng bahay ng mga Aguilar.

Inabutan niya ng panyo ang tahimik na tumatangis na dalaga. Tinanggap naman niya iyon.

"Akala ko kasi nagbibiro ka kaya naisip kong biruin din kita," parang maamong tupang paliwanag nito.

"Sa ganoong mga bagay, hindi ako nakikipagbiruan," sisinghut-singhot na sagot ni Liezl.

"Ngayon alam ko na. Hindi na mauulit, promise." Itinaas pa nito ang kanang kamay.

"Are you sure you can keep promises?" may halong pagdududa ang tanong niya.

Marahang tumango ang binata. "Most of the time."

Umarko ang kilay niya. "Most of the time?"

Bahagya itong tumawa. "Wala akong masabi maliban sa bingi ka talaga. Iyon nga lang isang napakagandang bingi."

"Bingi pala, ah!" Inamba ni Liezl ang kamao

sa mukha ng lalaki. Mabilis na hinuli nito iyon at ginawaran ng isang matunog na halik.

“Sige na, ayusin mo na ang sarili mo. Baka sabihin nila inaaway kita.”

Sumimangot siya at hinila ang kamay. “Nakakainis ka na. Palagi mo na lang akong iniisahan. Hindi man lang ako makaganti.”

“Kunwari ka pa diyan. Gusto mo naman,” tudyo ni Meinard. “Saka huwag kang mag-aalala, bibigyan din kita ng pagkakataon para makabawi. Pero hindi muna ngayon; sa ibang araw na lang.”

Lalong sumama ang mukha niya. “Tumigil ka na. Baka isumbong kita sa papa ko. Siguradong hahabulin ka noon ng taga. Tingnan ko lang kung hindi ka manginig sa takot.”

“Hindi na niya ako kailangang habulin pa ng taga dahil pakakasalan naman kita.” Naging malamlam ang mga titig ni Meinard sa kanya. Pati boses nito ay masuyo, animo seryoso sa sinasabi.

Biglang tumaba ang puso ng dalaga. Pero pinili niyang ipakitang hindi siya apektado. “Luku-luko ka talaga. Baka mapasubo ka sa sinasabi mo. Papatulan kitang talaga.”

"'Yan ang gusto ko sa 'yo. Game."

Mabilis nitong ginawaran ng halik sa gilid ng labi ang dalaga saka binuksan ang pinto ng sasakyan. "Tama na nga ang biruan. Pasok na muna tayo sa loob para maipakilala mo ako sa parents mo."

Ang lapad ng ngiti nito. Hindi tuloy matiyak ni Liezl kung talagang masaya ito o pinagtatawanan siya dahil hinahayaan niya ito sa mga advances sa kanya. Dangan kasi, hindi niya mapigil ang sariling patulan ang mapanuksong kabaro ni Adan.

Tiyak niyang sa estado at posisyon ni Meinard sa buhay, dagdag pa ang pagiging tall, dark and handsome nito, kabi-kabila ang mga babaeng nagkakandarapa rito.

Kung saka-sakaling patulan niya ang kumag na ito, madadagdag lamang siya sa koleksyon nito. Iyon ang kailanman ay hindi niya pinangarap sa buhay at hinding-hindi gugustuhin in a thousand years.

Ang tipo niyang lalaki ay iyong wholesome, harmless, boy-next-door type. Kaya nga siya tampulan ng tukso ng mga kaibigan niya ay dahil masyado siyang pihikan pagdating sa lalaki. Ano na nga ba ang tawag ng mga ito sa kanya? Frigid.

Susme! Ngayon tiyak niya sa sarili na hindi siya

ganoon. At iyon ay dahil sa mga emosyong binuhay ng lalaking ito sa dugo niya. Mali ang mga kaibigan niya sa mga akala ng mga ito.

Bahagya siyang napangiti sa sarili.

“Liezl, narinig mo ba ang sinabi ko?” tinig ni Meinard ang nagpabalik sa kanya sa kasalukuyan.

“O-oo naman. Halika na.” Sabay na pumasok ng kabahayan ang dalawa. “Bambi, I’m home!” malakas na sigaw ng dalaga nang makitang walang tao sa sala. Lumabas mula sa kusina ang kasambahay na si Mely. Ipinapagpag nito ang mga kamay sa suot na apron.

“Wala sila. Hindi pa bumabalik.”

“Kaya pala wala sa garahe ang kotse.”

Hindi itinago ni Mely ang pagkadismaya. “Dumating ang Tita Ella ninyo. Nagyaya ang mama mo na mag-bowling. Kasama din nila si Joyce.”

Bahagya ring napasimangot ang dalaga. Subalit bago pa siya muling nakapagsalita ay narinig nila ang sunud-sunod na busina ng sasakyan. Dali-daling lumabas si Mely. Naghintay naman si Liezl sa pinto ng bahay samantalang si Meinard ay naupo at nagbasa ng diyaryo.

“Hello, tweetums!” masayang bati ni Bambi sa anak.

“Hi, Liezl. Kumusta ka na, hija?” bati rin ni Ella.

Sa tingin ni Liezl ay hindi na ito sing-ganda noong huli niya itong nakita. Kailan na nga ba iyon? Mahigit isang taon na ang nakakaraan.

Naging humpak ang mga pisngi ng babae at wala na ang aura of sophistication. Pati ang mga alahas na dati ay nagkikislapan sa katawan nito ay naglaho na rin. Maging ang glow sa mga mata nito tuwing pupunta sa kanila upang dalawin sila ay hindi na niya makita. Ano na nga ba ang nangyari rito? May problema ba ito? Bakit biglang-bigla ay hindi na ito mukhang mayaman? Namulubi na ba ito? Iyon ba ang dahilan kung bakit bigla na naman itong nagpakita sa kanila?

Oh, well, hindi siya interesadong malaman. Dahil sa totoo lang, hindi talaga sila malapit ni Ella. Pinakikisamahan lang niya ito dahil tiyahin ito ni Joyce. Half-sister ito ng yumaong ina ng pinsan niya. Ang tiyuhin naman niya ay kaagad nag-asawa nang mabiyudo. Minabuti ni Bambi na ampunin na ang pamangkin nang makitang hindi nito makasundo ang madrasta nito.

Sa totoo lang, magaling lang makisama ang kanyang inang si Bambi kaya pinakikitunguhan nito nang maayos si Ella, sa kabila ng plastic na ugali at pagiging numero unong inggitera ng huli.

"Mukhang kararating mo lang, ah. Naglakwatsa ka siguro pagkagaling sa trabaho," nakangiting sita ni Mariano sa kanya.

Ngumiti lang siya. "Nasaan na si Joyce?"

"Nagpaiwan. May nakitang mga kaklase at naki-join muna sa kanila," turan ni Bambi.

Tumangu-tango si Liezl. Pagkatapos ay todo-ngiting nagsalita. "Pasok muna kayo sa loob at may bisita ako. Ipapakilala ko sa inyo ang bagong boss ko."

Kaagad na pumasok ang tatlo. Subalit bago pa siya makapagsimula sa introductions, nakita niyang biglang namutla si Meinard. Napako ang tingin nito kay Ella.

"Eleanor?"

"Menardo, ano'ng ginagawa mo dito?" tanong ni Ella. Tinakasan din ito ng kulay sa mukha.

"Magkakilala kayo?" takang tanong ng dalaga habang palipat-lipat ang tingin kina Meinard at Ella.

Bago pa nakahuma ang lahat ay walang lingon-likod na lumabas ng bahay ang binata. Ni hindi man lang ito nagpasintabi sa mga may-ari ng bahay. Kitang-kita ni Liezl ang galit sa mukha nito.

# 4

Tiyak ni Liezl, mainit ang ulo ni Meinard nang araw na iyon dahil sa di-inaasahang pagkakita nito kay Ella noong nakaraang gabi. Sinikap niyang alamin kung paano naging magkakilala ang dalawa. Ngunit wala siyang nakuhang impormasyon mula sa unwanted visitor nila. Kahit anong pilit ang gawin niya ay ayaw nitong magsalita. Pati si Bambi ay hindi rin nakatulong sa kanya sa pagkumbinsi.

Kaya minabuti nilang hayaan na lang si Ella sa pananahimik nito. Lubos naman iyong nagpalito kay Liezl; gusto niyang malaman kung ano ang kinalaman nito sa lalaking nagpagulo sa tahimik niyang mundo. Sa lalaking nagpatunay na isa siyang normal at tunay na babae.

Nang nakaraang gabi ay hindi siya pinatulog ng isiping maaaring nagkaroon ng relasyon ang dalawa. Hindi lingid sa kanyang kaalaman na isang renowned flirt si Ella. Pumapatol ito sa kung sinu-sinong lalaki makuha lamang ang mga kapritso nito: young or old, married or not. Hindi yata ito namimili, basta amoy-pera.

Siguro dahil may-edad na ay hindi na ito

makakabingwit ng matabang isda kaya kinapalan na nito ang mukha na makitira muna sa kanila pansamantala. Kahit si Joyce na kadugo nito ay ayaw itong makasama. Mas lalo na si Liezl.

Wala siyang magagawa kundi magtiis sa presence ni Ella sa bahay nila. Konsolasyon na lang niya na hindi lang siya ang magtitiis kundi silang lahat lalung-lalo na si Mely. Grabe kung makautos si Ella sa katulong; animo ito walang sariling kamay at paa. Sa ilang beses na pagbabakasyon nito sa bahay nila, kabisado na ni Liezl ang nakakairitang ugali nito.

Tumikhim siya upang agawin ang atensyon ni Meinard. Halos ay masubsob na ang ulo nito sa pagre-review sa mga reports na kagagaling lamang sa accounting department.

Nang hindi man lang ito mag-angat ng ulo ay lakas-loob siyang lumapit sa desk nito. Ipininta niya sa mukha ang pinakamaganda at pinakamatamis na ngiting alam niyang kukuha ng atensyon ng kahit na sinong lalaki.

"Would you like me to fix you a cup of coffee, Boss?" Sinadya niyang palambingin ang tinig.

Taliwas sa inaasahan niya, hindi man lang ito

natinag.

“No, don’t bother.”

Pero hindi siya pinanghinaan ng loob. Umupo siya sa gilid ng mesa ng binata at bahagyang itinaas ang kanyang palda.

Napatitig ito sa mapuputing hita niya, pagkuwan ay mabalasik ang anyong tumitig sa kanya. “Ano ba ang gusto mo? Why don’t you just leave me alone? Can’t you see, I don’t want company.”

Nagulat man siya sa reaksyon ni Meinard ay pilit siyang nagpakatatag. At least, kahit sobra ang kasungitan nito ay pinansin din siya. Mabuti na iyon kaysa tratuhin siya nitong parang mannequin katulad ng ginagawa nito mula pa kaninang umaga.

Ang mas importante ay makuha niya ang impormasyong kailangan niya.

“Well, I see it otherwise, Boss,” sabi ni Liezl sa mapang-akit na tinig.

Pumuwesto siya sa mismong harapan ni Meinard. Dahan-dahan siyang nag-cross legs. Titig na titig ang binata sa bawat kilos niya. Bahagya niyang hinila ang necktie nito. Wala itong nagawa kundi isunod ang katawan palapit sa nanunuksong

si Liezl.

Siguro nga, naisip ng lalaki, sa ganitong mga pagkakataong nagngangalit ang unos sa dibdib nito, kailangan nito ang ibang dibdib para masandalan—sing-puti, sing-lambot at sing-kinis ng pares ng dibdib na halos ay lumuwa sa neckline ng blouse ni Liezl. Kung hindi nito tatatagan ang sarili ay baka roon mismo ay…

Palihim itong lumunok.

"I think this is the best time for you to have company. I know there is something bothering you. Spill it out, Boss. I'm willing to listen."

Nilaru-laro ng dalaga ang kuwelyo ng polo ni Meinard. Nagsimulang gitian ng pawis ang noo ng binata. Katakut-takot na will power ang inipon nito upang huwag patulan ang tuksong nakaupo sa mesa nito.

"Liezl Agatha Aguilar, are you sure you know what you are doing?" halos pumiyok na tanong nito.

"But of course, sweetheart. Now, tell me, ano ba ang problema mo?"

Biglang tumayo si Meinard. Kung hindi nito gagawin iyon ay hindi nito matiyak kung ano ang

susunod na magagawa. “Better keep distance, right now!” matigas na utos nito.

Namutla ang mukha ni Liezl sa sobrang pagkabigla. “Meinard, I was just trying to—”

Hindi na niya naituloy ang sasabihin dahil dali-dali siyang binuhat ng lalaki at ibinalik sa sarili niyang upuan.

“You were just trying to squeeze information from me. Is that what you wanted to say?”

Napayuko siya nang makita ang galit sa mga mata ng boss niya. Subalit kaagad din niyang ibinalik ang paningin sa mukha nito nang bigla siyang magduda. Teka nga muna, galit bang talaga iyon? Kasi parang galit-galitan lang.

“It won’t work this time, Liezl. Sanay na ako sa ganyang strategy. Think of something more original,” patutsada nito.

Sa narinig ay bigla siyang tumayo at tumuntong sa upuan. Hinalbot niya ang collar ng lalaki at pinilit iangat ang maskuladong katawan nito mula sa sahig. Nang hindi niya ito matinag ay kinabig niya ang batok nito at inamba ang kamao sa mukha nito.

“Ngayon, Menardo Ventura, sasabihin mo ba

sa akin kung bakit bigla ka na lang lumayas nang makita mo si Tita Ella?”

Hindi sumagot ang kausap. Nakatingin lamang ito sa kanya, pinipigil ang namumuong ngiti sa mga labi.

“Ano? Sasagot ka ba o hindi? O baka naman gusto mo pang makatikim ng brutality para magsalita ka?”

Humulagpos ang kanina pa pinipigilang halakhak ni Meinard. Binuhat siya nito at habang karga siya, umupo ito sa silyang tinuntungan niya kanina. Nang magpumilit siyang umalis sa kandungan nito ay lalo nitong hinigpitan ang pagkakayakap sa kanya.

“Meinard, ano ba? Let me go!”

“Look who’s talking. Kanina lang, sine-seduce mo ako para magsalita ako. Ngayon naman, you want me to let you go. Giving up too soon, Liezl?” Inilapit nito ang mukha sa kanya. Halos ay magkiskisan na ang mga ilong nila.

Napalunok si Liezl nang malanghap ang amoy ng cologne at aftershave lotion na nagmumula sa katawan ng binata. Lakas-loob niyang ikiniskis ang dulo ng ilong sa ilong nito upang hindi nito mahalatang kinakabahan siya sa susunod na maaaring mangyari. Hindi niya kaagad naisip ang

consequences ng kapangahasan niya. Hindi niya rin kaagad naisip na lalaking-lalaki ang kaharap niya. At mukhang hindi ito basta-basta papayag na iwanang nakabinbin sa larong inumpisahan niya.

“Of course not, Meinard. I’m not giving up. I just need a minute to go to the rest room. Nature’s calling, you know.”

Dinampian niya ng isang mabilis na halik ang gilid ng labi nito. Na sinuklian ni Meinard ng isang maalab na halik bago siya binitiwan.

“All right, you have a minute. Bilisan mo.” Pilyong tinapik nito ang pang-upo niya na ikinapitlag niya.

Nang nasa loob na ng CR ay hindi malaman ng dalaga ang susunod na gagawin. Bigla siyang nagsisi sa ginawa niya. Sana ay pinag-isipan niya nang mabuti ang mga kilos niya. Kung bakit kasi naging padalus-dalos siya. Ano na ngayon ang mangyayari sa kanya? Hindi siya handang i-give up ang puri niya upang makakuha lamang ng impormasyon. Kahit gaano pa iyon kahalaga sa kanya.

“Liezl, one minute is up. Lumabas ka na diyan!” tawag ni Meinard.

Biglang sumasal ang tibok ng kanyang puso. “I’ll be right there, Boss. One more second, please!”

aniya habang pinagmamasdan ang sarili sa salamin. Pagkatapos ay humugot siya ng isang napakalalim na buntong-hininga at lumapit sa pinto upang lumabas ng rest room.

Pagbukas niya ng pinto ay nakaabang na si Meinard. Nakahawak ang dalawang kamay nito sa magkabilang hamba ng pinto. Tuloy ay na-trap ang dalaga at hindi makalabas. Bigla siyang sinakmal ng matinding panic. Nagniningning ang mga mata ng lalaki. At tiyak niyang pagnanasa ang nakikita niya sa mga iyon. Bigla siyang napaantanda.

Sukat doon ay napaurong ito at sa isang kisap-mata ay nasa labas na ito ng opisina.

Parang nauupos na kandilang napaluhod si Liezl sa sahig. Hindi niya malaman kung matutuwa o maiiyak sa tinakbo ng mga pangyayari.

Nasa ganoon siyang kalagayan nang muling pumasok si Meinard sa opisina.

"Fix yourself, Liezl. Pagkatapos, mag-uusap tayo."

Matapos ang matagal na pagkatulala sa harap ng salamin sa loob ng banyo ay lumabas si Liezl. Nakatanaw si Meinard sa labas ng bintana.

"Ano ang gusto mong pag-usapan natin?" Malamig ang tono nito.

Pakiramdam niya ay bigla siyang kinilabutan at kumalat ang lamig sa buo niyang katawan. Pinilit niyang magpakahinahon kahit napakahirap para sa kanya. Hindi siya puwedeng magpa-intimidate sa binata. Hindi ngayon.

"Gusto ko lang malaman kung paano mo nakilala si Tita Ella," determinadong tugon niya sa kabila ng mga paruparong nagliliparan sa loob ng tiyan niya.

Pumihit ito upang harapin siya. Halos ay maglabas ng apoy ang mga mata nito. "Tita Ella? Tita mo si Eleanor?"

Pinatatatag niya ang pagkakatayo. Ang totoo ay parang magko-collapse na siya sa sobrang tensyon na nararamdaman. Nagsisimula nang gumapang ang takot sa buo niyang pagkatao. Ngunit inumpisahan na niya ito, kailangang tapusin niya.

Humalukipkip si Liezl. Itinaas niya ang noo at sinalubong ang titig ng lalaking nagpapabilis ng pulse rate niya. "Importante pa ba iyon?"

"Maaaring hindi dahil hindi naman talaga importanteng tao si Eleanor." Nag-about face ang binata upang bumalik sa upuan sa likod ng desk

nito. "Now, if you please, let's get back to work. I don't want to talk about that woman. There are more important things to deal with."

*No!* Hindi siya papayag na basta na lang nito i-dismiss ang issue na iyon. After all the trouble she had been through? Hindi maaari.

"Bakit, Meinard? Bakit ayaw mong pag-usapan natin si Eleanor?" Bahagyang tumaas ang kanyang boses.

Hindi kumibo ang lalaki; tiningnan lamang siya. Tumayo ito at tinungo ang filing cabinet saka dumukot ng isang folder.

Lalong nag-init ang ulo ng dalaga sa ginawa nito. Mabilis na tinawid niya ang pagitan nila at pagigil na inagaw ang folder sa kamay ng binata.

"Bakit, Meinard? Nahihiya ka bang sabihin na dati mong karelasyon si Tita Ella? Hindi mo maamin sa sarili mo na hindi ka nangingiming pumatol kahit sa isang katulad niya na puwede mo nang maging nanay?"

Malakas na binayo ni Meinard ang table nito. Halos magliparan ang mga gamit sa ibabaw niyon sa lakas ng pagkakasuntok ng binata. Hindi inaasahan ni Liezl iyon. Hintakot na napaurong siya.

"Eleanor is one hell of a bitch, alam mo ba iyon? Hindi ako naniniwalang may mga taong sagad sa buto ang kasamaan hanggang makilala ko siya. Siya ang dahilan kung bakit namatay ang papa ko!"

Umalingawngaw sa buong silid ang galit na tinig ni Meinard. Subalit ang higit na nakapagpayanig sa kanya ay ang sakit na nakita niya sa mga mata ng lalaki.